2-10. Mapa ng Inaasahang Itatagal ng Pagbaha

Sa Kofu Basin, dahil sa kondisyon ng lupain, may mga lugar na maaaring magtagal ang pagbaha kapag lumabas na ang mga ilog. Ang mapang ito ng tagal ng pagpapatuloy ng pagbaha ay nagpapakita ng panahon mula nang umabot sa 0.5 metro ang lalim ng tubig hanggang sa bumaba ito.

Kung magtatagal ang pagbaha, kahit manatili sa 2nd floor ng bahay imbes na lumikas, maaaring hindi na magamit ang kuryente, gas, tubig, at iba pang pangunahing serbisyo, at mawawala rin ang nakatagong pagkain at tubig.

Mga panganib kapag nagtagal ang pagbaha



At Iba pa
- Kung malalim ang tubig, hindi na makakalabas ng bahay.
- Mahirap tugunan kung may magkasakit, at hindi makakakuha ng regular na konsultasyon ang mga may sakit.
- Sa mataas na gusali, titigil ang elevator dahil sa pagkawala ng kuryente, at mahirap ang paggamit ng hagdan.

Iba pa

Tagal ng Pagpapatuloy ng Pagbaha
- 3 araw o higit pa hanggang mas mababa sa 1 linggo
- 1 araw o higit pa hanggang mas mababa sa 3 araw
- 12 oras o higit pa hanggang mas mababa sa 1 araw
- Mas mababa sa 12 oras



この地図の作成に当たっては、中央市長の承認を得て、中央市発行の縮尺1万分の1中央市全図を使用した。(承認番号　中央都第11-2号)
測量法に基づく国土地理院長承認 (使用) R 6JHs 587
この地図は、笛吹市長の承認を得て同市発行の縮尺10,000分の1の都市計画基本図を使用し、作成したものである。(令和3年11月4日 笛まち第11-2号)



この地図の作成に当たっては、昭和町長の承認を得て、同町発行の10,000分の1図を使用したものである。(承認番号 令和3年11月2日　昭都第159号)
この地図は、甲斐市長の承認を得て同市発行の甲斐市都市計画基本図 (縮尺1/2,500) を使用し、作成したものである。(甲斐都第10-70号)

2-11. Gabay sa Paglikas

Kapag malapit na ang panganib mula sa malakas na ulan o iba pang sakuna, magpapalabas ang lungsod ng impormasyon sa pagaalis at tatawag sa lahat ng mamamayan na lumikas. Gayunpaman, kung nakaramdam na ng panganib sa buhay, huwag hintayin ang tawag ng lungsod, lumikas kaagad!

Maagang Paglikas Bago Magsimula ang Pagbaha

Kapag nagsimula na ang pagbaha, mahirap nang gumalaw kahit mababaw pa ang tubig. Batayan sa impormasyon sa panahon at antas ng tubig sa ilog—kung nakaramdam ng panganib, lumikas kaagad! Iwasan ang paggamit ng sasakyan dahil maaaring masiraan o ma-traffic. Mas mainam ang lakad.

Mahirap nang maglakad



Hindi na mabubuksan ang pinto



Hindi pag-andar ng sasakyan

- Sa ilang sasakyan, humihinto na ang makina kapag hanggang kalahati ng gulong ang tubig.



- Mga Nangingailangan ng Agad na Tulong: Matatanda, bata, may sakit, o may kapansanan—lumikas muna sila. Tulungan ang mga nangangailangan ng suporta sa paglikas.



- Sariling desisyon ang paglikas!
- Kung may tawag ng lungsod o boluntaryong bumbero, lumikas kaagad. Pagpapalabas ng Impormasyon sa paglikas!



- Bago lumabas, patayin ang breaker ng kuryente at isara ang gas.



- Magdamit ng madaling-gumalaw na damit. Lumikas ng dalawa o higit pang tao.



- Kung kailangang tumawid ng tubig, gumamit ng mahabang tungkod para tiyakin ang lupa sa paanan.



- Kung malayo ang destinasyon ng pagaalis, pumunta sa mataas na palapag ng matibay na kapitbahay na gusali pansamantala.



- Kahit mabagal ang agos, hanggang tuhod na ng matatanda ay nahihirapan nang maglakad. Layuan ang maliliit na ilog o agos ng tubig.



- Sa malakas na ulan, mag-ingat sa mga underpass—maaaring malunod ang sasakyan o mahirapan sa paglalakad, na maaaring magdulot ng malaking aksidente. Iwasan ang mga lugar na ito sa paglikas.



2-12. Tungkol sa Itinalagang Evacuation Center

Sa panahon ng sakuna, ang mga evacuation center kung saan pupuntahan ng maraming tao ay nangangailangan ng pag-iingat at pag-unawa sa isa't isa upang maging komportable at malusog ang lahat.

Mga Alituntunin at Wastong Gawi sa loob ng Evacuation Center

Ingatan ang Privacy

Ang iyong tinutuluyang espasyo ay ituring na parang sariling "bahay." Bigyang-halaga at igalang ang privacy ng bawat isa, lalo na ng mga kababaihan, mga pamilyang may sanggol o bata, at ang mga taong nangangailangan ng espesyal na atensyon.



Mag-ingat sa pagkakasakit dulot ng pagbabago ng kapaligiran

Siguraduhing hindi masama ang pakiramdam dahil sa biglaang pagbabago ng paligid.Sa panahon ng Tag-init siguraduhin ang wastong pag-inom ng tubig (hydration), Sa panahon ng Taglamig humanap ng epektibong paraan upang mapanatiling mainit ang katawan.



Panukala Laban sa Krimen

Maraming tao ang pumapasok at lumalabas sa evacuation center, kaya protektahan ang sarili.



Pag-unawa sa mga Nangangailangan ng Espesyal na Tulong

Sa mga taong may kapansanan, matatanda, bata, buntis, at dayuhan—magtulungan sa mga nangangailangan ng tulong.



~FAQ sa Evacuation Center ~

※Sa [Manual ng Disaster Preparedness ng Ating Bahay] na ipinamahagi sa bawat bahay noong Marso 2023, may detalyadong FAQ sa evacuation center (P43-47). Gamitin ito kasabay ng mapang ito.

Q Paano makakakuha ng impormasyon tungkol sa evacuation center na pupuntahan ko?

A Sa normal na panahon, maaaring tingnan ang impormasyon sa evacuation center sa Hazard Map ng Baha sa Lungsod ng Kofu, "Kofu City Disaster Prevention App", "website ng lungsod", at iba pa
Sa panahon ng sakuna, ang impormasyon sa pagbubukas ng evacuation center ay ipapadala sa pamamagitan ng [L-Alert broadcast] (sa data broadcast ng TV, Kofu City Disaster Prevention App, Kofu City Disaster Prevention Portal), "Kofu City Disaster Prevention & Safety Email Magazine", "Disaster Prevention Administrative Wireless", at iba pang paraan ng pagpapahayag. (Tingnan ang 2-1. Mga Hakbang sa Panahon ng Malakas na Ulan, Pahina 5 ng Flood Hazard Map na ito.)

Q May mga pag-iingat ba para sa mga kababaihan sa mga tinukoy na evacuation center sa Lungsod ng Kofu?

A Ang bawat tinukoy na evacuation center ay pinamamahalaan ng Evacuation Center Operation Committee na binubuo ng mga opisyal ng samahang pambarangay, disaster prevention leaders, tagapamahala ng pasilidad, at mga kawani ng lungsod na tinatawag na "regional liaison officers". Sinusunod nila ang mga sumusunod na hakbang para sa kababaihan:

- Pagtitiyak ng espasyo para sa mga kababaihan (para sa mga babae at mga pamilya ng ina at anak)
- Paglalagay ng lugar para magpalit ng damit, changing room, at breastfeeding room (mga lugar para sa babae lamang)
- Pamamahagi ng sanitary products at damit panloob para sa kababaihan
- Pag-iikot para sa seguridad (patrol ng pares na lalaki at babae)